Gabay sa Retail sa Curbside

NA-UPDATE NOONG Hulyo 18, 2020

Ang gabay na ito ay binuo ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health) batay sa mga rekomendasyon mula sa Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng California (California Department of Public Health), Mga Sentro para sa Pagkontrol ng Sakit (Centers for Disease Control, CDC) ng US, at Pangasiwaan ng Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho (Occupational Safety and Health Administration, OSHA) ng US at ipo-post sa http://www.sfcdcp.org/curbside. Kasama sa mga pagbabago sa update na ito ang ipinag-aatas na isang aprubadong plano para sa mga mall o retail na negosyo sa loob ng gusali, at kaunting pagbabago para maiangkop ito sa mga pansamantalang Kautusan sa Pampublikong Kalusugan. Puwedeng magbago ang pansamantalang gabay na ito kasabay ng pagbabago ng kaalaman, transmisyon sa komunidad, at pagbabago ng kundisyon at impormasyon tungkol sa COVID-19.

AUDIENCE: Mga negosyong nag-aalok ng retail sa curbside sa panahon ng COVID-19 pandemic at kailangang sumunod sa Direktiba para sa Retail sa Curbside 2020-10 (Directive for Curbside Retail) ("Direktiba"), na inilabas ng Opisyal sa Kalusugan ng San Francisco noong Mayo 18, 2020. Kasama sa "Negosyo" ang maraming uri ng organisasyon, gaya ng mga nonprofit na organisasyon, employer, community-based na organisasyon, at iba pa. Kasama sa "Tauhan" ang mga empleyado, nakakontratang manggagawa, gig-worker, boluntaryo, at iba pa.

LAYUNIN: Ang dokumentong ito ay nagsusuri sa mga pangunahing punto ng Direktiba, nagbabalangkas sa mga hakbang na dapat mong gawin, at nagbibigay sa iyo ng mga resource at higit pang impormasyon para tulungan kang sumunod sa mga mandatoryong ipinag-aatas na detalyadong nakalahad sa Direktiba.

Buod ng Mga Ipinag-aatas ng San Francisco para sa Mga Curbside na Negosyo:

- Kasama at bilang karagdagan sa Gabay ng Estado ng California
- May kasamang mga karagdagang hakbang dahil sa mas mataas na densidad ng Lungsod at mas malapit na contact sa pagitan ng mga residente
- Sumusunod ito sa mga alituntunin ng Estado na sumusuporta sa mga mas mataas na antas ng pagsubaybay at pangangalaga kapag kinakailangan para sa pampublikong kalusugan ng isang lokal na lugar
- Nag-aatas na gumawa ka ng isang plano sa Kalusugan at Kaligtasan
- Nagdaragdag ng higit pang sintomas sa listahan ng sintomas para sa COVID-19 at nag-aatas ng pangaraw-araw na pagsusuri ng sintomas para sa mga tauhan
- Naglilimita sa dami ng tauhan na puwede para sa bawat lugar
- Nag-aatas na planuhin at ipaliwanag mo ang mga hakbang sa kaligtasan sa trapiko para sa bago o pinalawak na retail sa curbside
- Nag-aatas sa iyo na magsumite ng plano na dapat aprubahan ng Opisyal sa Kalusugan bago magbigay ng retail sa curbside kung ang iyong negosyo ay nasa loob ng isang gusali o mall

Mga Hakbang para sa Muling Pagbubukas ng Mga Negosyo sa Pag-pick up sa Curbside:



1. Maghanda

Magsulat ng Plano

Dapat kang gumawa ng plano sa Kalusugan at Kaligtasan na naglalarawan sa kung paano isasagawa ang mga ipinag-aatas na pagbabago na nakalista sa Direktiba. Mayroong nasasagutang form para matiyak na nasasaklawan ng iyong plano ang lahat ng ipinag-aatas.

Maglagay ng Mga Karatula

Iniaatas sa kautusan ng Opisyal sa Kalusugan ang mga sumusunod na uri ng karatula na dapat ilagay sa bawat pampublikong pasukan ng pasilidad o lokasyon:

- Karatula para sa Takip sa Mukha (Face Covering Sign) para malaman ng mga tao na ipinag-aatas ang pagsusuot ng mga mask at takip sa mukha.
- Protocol sa Social Distancing para sa Mga Negosyo (Spanish, Chinese, Vietnamese, Arabic) at Karatula na Magpanatili ng 6 na Talampakang Layo, at Simpleng Karatula sa Abiso sa Social Distancing
- Mga karatulang nagpapaalala sa mga tao na Manatili sa Bahay para sa Trabaho **at huwag pumasok sa pasilidad** o lokasyon kung sila ay may ubo o lagnat, at huwag makipagkamay.
- Available ang mga **karagdagang karatula** sa Outreach Toolkit ng SF.GOV.
- Dapat nakapaskil ang iyong **plano sa Kalusugan at Kaligtasan** sa lugar na nakikita ng mga tauhan at customer.

Magbigay ng Kaalaman at Pagsasanay

Mahalagang ipaalam sa mga tauhan ang tungkol sa mga pagbabago na kinakailangan para mapanatiling mas ligtas ang lahat nang magkakasama.

- Dapat kang gumawa at magpatupad ng plano sa pagbibigay ng kaalaman para sa lahat ng tauhan na sumasaklaw sa mga punto sa Direktiba, para matiyak na nauunawaan ng mga tauhan ang Protocol sa Social Distancing at ang Plano sa Kalusugan at Kaligtasan. Tingnan ang mga lokasyong ito para sa higit pang impormasyon tungkol sa:
    - pang-araw-araw na screening, kasama ang mga tanong na dapat mong tanungin sa mga Tauhan araw-araw

      gagawin kung magkakaroon ang isang tauhan ng positibong resulta sa COVID-19
    - kailan makakabalik sa trabaho ang tauhan pagkatapos ng COVID-19

- Iniaatas sa Direktiba na bigyan mo ang lahat ng tauhan ng kopya ng Plano sa Kalusugan at Kaligtasan

Mag-abiso

angunahing bahagi ng iyong **Plano sa Kalusugan at Kaligtasan** ang pag-aabiso sa mga tauhan tungkol sa mga pagbabago sa iyong negosyo. Dapat mong ipaalam sa mga tauhan ang tungkol sa mga pagbabagong iniaatas ng Opisyal sa Kalusugan. Para ligtas na makapagbukas ang mga negosyo, dapat malaman ng mga tauhan ang mga pagbabagong ito. Kabilang sa iba pa, kasama dapat sa mga pagbabagong ito ang:

- Pagbabago ng mga oras para matiyak na may sapat na oras sa araw ng trabaho para sa paglilinis at pag-decontaminate.
- Paggamit ng mga pamamaraan at pagbibigay ng oras para matiyak na nakakapaghugas at nakakapag-sanitize ng kamay nang madalas ang mga tauhan, kasama ang bago **maglagay sa mga estante**, at pagtitiyak ng paghuhugas o pag-sanitize ng mga kamay ulit kung makokontamina sila sa pamamagitan ng paghawak sa mukha o buhok, o pagkakalantad sa ibang maruming surface.
- Pagtiyak na ang mga tauhan ay **may suot na takip sa mukha sa lahat ng pagkakataon**, at pagtiyak na ang lahat ng tauhang namimili o pumipili ng mga item para sa mga customer ay may suot na Takip sa Mukha kapag namimili, nagbabalot, at/o nagde-deliver ng mga item.
- Paghinto sa paggamit ng mga break-room at gamit sa kusina na pinaghihiraman, tulad ng mga water cooler o drinking fountain. Dapat madalas na linisin sa pagitan ng bawat paggamit ang mga microwave at iba pang item na madalas hawakan.
- Pagtiyak na alam ng tauhan na magpanatili ng hindi bababa sa **anim na talampakang distansya sa iba**, kasama kapag namimili para sa mga customer, maliban na lang kung sandaling kinakailangan para sa pagbabayad o para mag-abot ng mga item o mag-deliver ng mga produkto. Kung hindi makakapagpanatili ng anim na talampakang distansya, posibleng kailanganin mong magbawas pa ng dami ng mga tauhan sa iyong espasyo.
- Paglimita sa kabuuang dami ng mga tauhan sa loob ng bilihan sa hindi tataas sa 10
- Sa ngayon, mas marami na ang bilang ng tauhan para sa nauugnay na warehouse at pagmamanupaktura. Tingnan ang mga direktiba ng Opisyal sa Kalusugan para sa isang breakdown ng dami ng taong pinapayagan sa bawat pagkakataon sa bawat aktibidad para sa iyong negosyo (https://www.sfdph.org/dph/alerts/coronavirus-health-directives.asp)
- Pagsasabi sa mga tauhan na hindi nila kailangan ng kasulatan para bumalik sa trabaho kung sinunod nila ang mga tagubilin sa kung gaano dapat katagal sila hindi pumasok sa trabaho.

2. Lumikha ng Mga Mas Ligtas na Espasyo

Dapat mong tingnan ang iyong mga espasyo at pag-isipan kung paano ito babaguhin para makagawa ng mga mas ligtas na espasyo para protektahan ang iyong sarili, mga tauhan, iyong mga customer, at ang iyong mga vendor o supplier. Kahit pinayagan na dati ang iyong negosyo na magpatakbo, posibleng kailanganin mong magsagawa ng mga pagbabago para matiyak ang ganap na pagsunod, kasama ang:

- Paglalagay ng **mga karatula**
- **Pagmamarka sa mga espasyo** gamit ang tape o iba pang decal para maiwasan ang pagiging masyadong malapit ng mga tauhan, customer, at vendor sa isa't isa
- Paglalaan ng **mga supply para sa paghuhugas ng kamay, pag-disinfect, at pag-mask**

- **Pagtatanggal ng mga bagay** na pinagpapasahan ng mga tao. Dapat mo ring iwasan ang paghawak ng mga tao sa mga bagay, partikular kapag ang mga tao ay malapit sa isa't isa
- **Limitahan ang dami ng mga tao,** kasama ang mga naghihintay sa linya o iyong mga pinapayagang lumapit sa bintana
- **Gumawa ng mga pagitan para sa mga lugar kung saan may interakasyon ang mga tao** tulad ng Plexiglas screen para sa mga cashier, o surface kung saan puwedeng ilagay ang mga bagay para sa pag-pick up sa ibang pagkakataon, para maiwasan ang pag-aabot sa pagitan ng dalawang tao

Mga espesyal na pagsasaalang-alang para sa Retail sa Curbside:

May mga espesyal na panuntunan ang direktiba para sa retail sa curbside. Tumutukoy ang Retail sa Curbside sa pagbibigay ng mga item sa mga customer na **hindi pumapasok** sa iyong pasilidad o lokasyon. Kasama sa Retail sa Curbside ang pag-deliver ng Mga Tauhan sa mga item sa nakaparadang sasakyan o truck ng customer, o sa isang customer sa isang nakaparadang bisikleta, scooter, o motorsiklo. Mananatili ang customer sa kanyang sasakyan sa paradahan o legal na espasyo sa pagparada. Puwede ring mag-deliver ang mga tauhan ng mga item sa isang customer na maglalakad papunta sa iyong lokasyon.

Kung ang iyong espasyo ay nasa loob ng isang gusali o mall, dapat kang magsumite ng plano na dapat aprubahan ng Opisyal sa Kalusugan bago magbigay ng retail sa curbside.

- Kung ang mga tauhan ay nagde-deliver sa isang customer sa isang paradahan o legal na espasyo sa pagparada:
  - Tanungin ang make, modelo, kulay, at plaka ng sasakyan sa oras ng transaksyon sa offsite/malayuang pagbebenta
  - Ipaalala sa mga customer na kapag nag-order sila, dapat nilang patayin ang kanilang makina kapag dumating sila sa iyong pasilidad o lokasyon
  - Ipaalala sa mga customer na tumawag o kung hindi naman ay magmensahe para malaman ng iyong negosyo kapag dumating na sila
  - Sa trunk ilagay ang mga binili, kapag posible. Kapag magagawa, dapat ilagay ng tauhan ang mga biniling item sa trunk compartment ng sasakyan. Kung posible ang paglalagay sa trunk, hindi na kailangang magsuot ang customer ng takip sa mukha
  - Magsuot ng takip sa mukha para sa iba pang pag-aabot. Kung ang pag-aabot ng na-order na item ay nangangailangan ng interaksyon sa pagitan ng customer at Tauhan, gaya ng pag-aabot ng item sa backseat o sa pamamagitan ng bintana ng sasakyan, **dapat magsuot ng takip sa mukha** ang Customer at taong nagde-deliver.

Napakahalaga ng kaligtasan sa trapiko, bisikleta, at sidewalk:

- Ang mga customer na naghihintay sa pila sa labas ng iyong negosyo ay dapat magpanatili ng 6 na talampakang layo mula sa isa't isa, at mula sa mga customer na posibleng naghihintay sa linya mula sa ibang negosyo sa malapit.
- Dapat gawin mula sa curb ang pag-deliver ng mga item sa isang sasakyan, maliban na lang kung ang sasakyan ay nasa isang paradahan.
- Huwag mag-deliver sa mga sasakyang naka-double park. Puwede mong hilingin sa Lungsod na pansamantalang gawing mga loading zone ang mga espasyo ng paradahan nang walang bayad.

- Dapat malayang makagalaw ang mga tao sa sidewalk. Iwasan ang pagharang sa kakayahan ng sinuman na makadaan nang ligtas, kasama ang pag-iwas sa pagharang sa pag-access sa sidewalk na sumusunod sa Batas sa Mga American na May Kapansanan (Americans with Disability Act, ADA)
- Dapat mong tugunan ang anumang iba pang isyu sa kaligtasan sa trapiko, lane ng bisikleta, o paggalaw na partikular sa iyong lokasyon.

Higit pang resource at impormasyon: Ang FDA ay may kapaki-pakinabang na impormasyon para sa pag-pick up at pag-deliver ng pagkain. Ang California Department of Public Health at Cal OSHA ay may gabay na partikular sa mga manggagawa sa pag-delivery sa panahon ng COVID-19.

3. Pangangalaga sa Mga Tauhan

Kasama dapat sa Mga Pang-araw-araw na Aktibidad ang:

- Pagtatanong sa mga tauhan tungkol sa mga sintomas
- Madalas na paglilinis at pag-disinfect
- Pagkakaroon ng mga supply para sa paglilinis, pag-disinfect, at pag-mask
- Pagsubaybay sa mga takip sa mukha at paghuhugas ng kamay
- Pagbabantay sa mga senyales ng karamdaman sa iyong mga tauhan
- Patuloy na paghahanap ng mga paraan para gawing mas ligtas ang iyong mga espasyo (tingnan ang seksyong “Pagsubaybay at Pagsasaayos” sa ibaba)

4. Pagtugon

Puwede kang magkaroon ng isa o higit pang tauhan na may sintomas, o may pagkakalantad sa COVID-19 kapag tinanong mo ang iyong mga pang-araw-araw na tanong sa screening. Puwede ka ring magkaroon ng isa o higit pang tauhan na magpopositibo para sa COVID-19.

Pakibahagi sa iyong mga tauhan at isama sa iyong Plano sa Kalusugan at Kaligtasan ang sumusunod na impormasyon kapag:

- sumagot ng Oo ang tauhan sa alinman sa mga pang-araw-araw na tanong sa screening
- may tauhang nagpositibo sa pagsusuri sa COVID-19
- may tauhang babalik sa trabaho pagkatapos ng COVID-19

5. Pagsusubaybay at Pagsasaayos

Kahit isang beses sa isang linggo, pag-isipan ang ginagawa ng iyong negosyo at mga tauhan, gaano kayo nakakasunod sa (mga) Kautusan ng Opisyal sa Kalusugan, at kung anong mga pagbabago ang kinakailangan sa panahon ng COVID-19 pandemic.

- Pagsasaayos ng Iyong Plano
  Posibleng mapansin mo na kailangan mong gumawa ng mga pagbabago para mapahusay ang kaligtasan. Halimbawa, posibleng kasama sa mga pagbabagong ito ang pangangailangang magtakda ng mga karagdagang limitasyon sa dami ng taong naghihintay sa linya para sa pag-pick up. Kung gagawa ka ng mga pagbabago, dapat mong i-update ang iyong Plano sa Kalusugan at Kaligtasan.

- Maghanap ng **Bagong Impormasyon**
  Ang Pagkontrol at Pag-iwas sa Nakakahawang Sakit (Communicable Disease Control and Prevention) ng SFDPH ay may updated na gabay, kasama ang anumang pagbabago sa mga pag-aatas sa pagsusuri para sa mga employer at negosyo na posibleng mangahulugan na kailangan mong i-update ang iyong Plano sa Kalusugan at Kaligtasan.
  Ang SF.GOV ay nagpapanatili ng isang madalas na i-update na page na may mga komprehensibong resource para sa mga negosyo sa panahon ng COVID-19 pandemic
- **Mga Bagong Dokumento** - Kung mababago o maa-update ang mga dokumento, magbigay ng bagong kopya sa mga tauhan. Kabilang dito ang:
  - Mga pagbabago sa iyong Plano sa Kalusugan at Kaligtasan
  - Mga pagbabago sa listahan ng mga sintomas na dapat suriin bilang bahagi ng pang-araw-araw na screening
  - Bagong Mga Kautusan at Direktiba ng Opisyal sa Kalusugan, at
  - Iba pang pagbabago habang may nalalaman pa tayo tungkol sa kung paano mas ligtas na magtrabaho nang magkakasama.

6. Mga Madalas na Itanong

Ang aking retail na tindahan ay nasa isang enclosed na shopping center (hal., Stonestown Galleria). Puwede ba akong magbukas para sa pag-pick up sa curbside?

Kung ang iyong tindahan ay may pasukan na direktang nasa katabing sidewalk, kalsada, o eskinita, puwede itong magbukas para sa pag-pick up sa curbside. Kung ang iyong tindahan ay walang pasukan na direktang nagbubukas sa labas—ibig sabihin, kung ang paraan lang para makapasok sa tindahan ay pagdaan sa indoor na espasyo—kakailanganin mong magsumite ng plano na dapat aprubahan ng Opisyal sa Kalusugan para magbukas ng pag-pick up sa curbside. Ang mga retail na tindahan sa isang enclosed Indoor Shopping Center na walang direktang access sa katapat na sidewalk, kalye, paradahan, o eskinita, ay puwede lang magbigay ng retail sa curbside pagkatapos makakuha ng pag-apruba ng Indoor Shopping Center mula sa Opisyal sa Kalusugan.

Maliit ang aking retail na tindahan—puwede ba akong magkaroon ng 10 tauhan sa site para mangasiwa ng pag-pick up sa curbside?

Hindi. Kung hindi ligtas na makakapagpatupad ang iyong retail na negosyo ng anim na talampakang distansya sa pagitan ng mga tauhan, dapat mong bawasan ang dami ng tauhan, ayon sa kinakailangan. Baka masyadong marami ang sampung tao para sa isang partikular na pasukan para ligtas na makapagpatakbo.

Anong mga negosyo ang pinapahintulutang magbigay ng retail sa curbside?

Ang lahat ng retail na establisamiyento bukod sa mga nasa loob at enclosed Shopping Center ay pinapayagang magbigay ng retail sa curbside. Kasama sa mga naturang negosyo ang:

- Mga Bookstore
- Mga tindahan ng alahas
- Mga tindahan ng laruan
- Mga tindahan ng damit at sapatos

- Mga tindahan ng kasangkapan sa bahay
- Mga tindahan ng produktong pang-sports
- Mga tindahan ng bulaklak
- Mga tindahan ng second hand na gamit
- Iba pang retailer na nagbebenta ng mga produkto

Anong mga negosyo ang hindi pa pinapayagang magbukas ulit?

Ang mga retail na tindahan sa loob ng mga Shopping Center na hindi kumuha ng pag-apruba mula sa Opisyal ng Kalusugan ay hindi maaaring magbukas. Hindi pinapayagan ang mga personal na serbisyo na muling magbukas sa ngayon; maging updated sa mga gabay na partikular sa industriya tungkol sa muling pagbubukas ng mga serbisyo. Kasama sa mga personal na serbisyo ang:

- Mga beauty salon
- Mga nail salon
- Massage practitioner
- Body art practitioner

Dapat bang magsuot ng guwantes ang mga tauhan?

Hindi inirerekomenda ang regular na paggamit ng mga guwantes. Ipinapaliwanag ng CDC na sa pangkalahatan, naaangkop lang ang pagsusuot ng guwantes kapag naglilinis o nag-aalaga ng isang taong may sakit (tingnan ang link: Kailan dapat magsuot ng guwantes). Sa karamihan ng iba pang sitwasyon, hindi kinakailangang magsuot ng guwantes at maaari pa rin itong patuloy na magpakalat ng mikrobyo. Ang pinakamainam na paraan para maprotektahan ang iyong sarili ay ang madalas na paghuhugas ng kamay gamit ang sabon at tubig sa loob ng 20 segundo, o paggamit ng hand sanitizer na may hindi bababa sa 60% alkohol.

May de-metrong espasyo ng paradahan sa labas mismo ng pasukan ng aking tindahan. Paano ko gagamitin ang espasyong iyon para sa pag-pick up sa curbside?

Puwede mong hilingin na pansamantalang gawing loading zone ang katabing paradahan sa kalsada para makatulong na hikayatin ang physical distancing at maiwasan ang pagsisiksikan. Para gawin ito, puwede kang magsumite ng online na application sa MTA.

Mga Mapagkukunan

- Para sa higit pang impormasyon tungkol sa gabay sa curbside, pumunta sa **sf.gov/curbside.** Para i-access ang mga link sa dokumentong ito, tingnan ito sa www.sfcdcp.org.
- San Francisco Office of Labor Standards and Enforcement
- Gabay ng employer mula sa State Department of Labor
- Impormasyon ng Cal/OSH tungkol sa pagprotekta ng mga manggagawa mula sa COVID-19
- Oportunidad sa Patas na Pagtatrabaho: Oportunidad sa Patas na Pagtatrabaho.
- Bayad na sick leave sa San Francisco
- Impormasyon mula sa San Francisco Office of Economic and Workforce Development tungkol sa

COVID-19 para sa mga ipinag-aatas sa employer at benepisyo sa empleyado:

- Pag-iwas sa diskriminasyon at pagganti sa panahon ng COVID-19.

Mga kapaki-pakinabang na resource para sa COVID-19 na dapat patuloy na tingnan:

- Gabay sa COVID-19 ng San Francisco Department of Public Health (SFDPH)
- Plano patungo sa Pagbangon ng Estado ng California
- Gabay ng CDC sa Pagbalik sa Trabaho